1

DepEd
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Magalang na Pananalita sa Angkop Na Sitwasyon tulad ng Pagpapakilala ng Sarili, Pagpapahayag ng Sariling Karanasan at Pagbati



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Paggamit ng Magalang na Pananalita sa Angkop na Sitwasyon Tulad ng Pagpapakilala sa Sarili, Pagpapahayag ng Sariling Karanasan at Pagbati**
**Kompetensi: Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon tulad ng pagpapakilala sa sarili, pagpapahayag ng sariling karanasan at pagbati.**
**Competency Code: F1WG-IIa-1/ F1PS-IIj-5j-6.11/ F1WG-IIIb-1**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Manunulat | : | Carol N. Belingon | |
| Editor | : | Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe | |
| Tagasuri | : | Ronald T. Bergado, AFKimmayong | |
| Tagaguhit | : | Rachel C. Ligason | |
| Tagalapat | : | Rozen D. Bernales | |
| | | Jerson Rod A. Acosta | |
| Tagapamahala: | | Benjamin D. Paragas | Romel B. Costales |
| | | Jessie L. Amin | Jorge G. Saddul, Sr. |
| | | Octavio V. Cabasag | Felimendo M. Felipe |
| | | Rizalino G. Caronan | Fe G. Buccahan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Filipino

## IkalawangMarkahan–Modyul3: Magalangna Pananalitasa Angkop na Sitwasyon tulad ng Pagpapakilala ng Sarili, Pagpapahayag ng Sariling KaranasanatPagbati

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

**Lesson 1**

# Paggamit ng Magalang na Pananalita sa Angkop na Sitwasyon Tulad ng Pagpapakilala sa Sarili, Pagpapahayag ng Sariling Karanasan at Pagbati



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatulong sa iyo upang magamit nang wasto ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon tulad ng pagpapakilala sa sarili, pagpapahayag ng sariling karanasan at pagbati.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Paggamit ng magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon tulad ng pagpapakilala sa sarili, pagpapahayag ng sariling karanasan at pagbati.

Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- makagagamit ng magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon tulad ng pagpapakilala sa sarili, pagpapahayag ng sariling karanasan at pagbati.

## *Subukin*

### Gawain ng Magulang/Guro

- Gabayan ang bata sa pagbabasa ng bawat aytem. Para sa batang hindi pa nakababasa, maaring basahin para sa kaniya nang malakas ang bawat aytem at pasagutan ito.

### Gawain ng Mag-aaral

- Sagutin ang gawain

Sagutan ng **Tama** o **Mali** ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

________1. Ang "**po**" ay ginagamit bilang paggalang sa nakatatandang kinakausap.

________2. Ang "**opo**" ay pagtugon sa mas matanda sa iyo.

________3. Ang mga nakatatanda lang ang dapat igalang.

________4. Dapat mo ring igalang ang mga kaklase at kaibigan.

________5. Ang hindi pagkuha ng gamit ng kapwa nang hindi nagpapaalam ay nagpapakita ng paggalang.

## Balikan

### Gawain ng Magulang/Guro

- Ipaliwanag sa mag-aaral ang Gawain. Gabayan siya sa pagbabasa o basahin para sa kaniya ang bawat aytem.

### Gawain ng Mag-aaral

- Sagutin ang gawain

Piliin mula sa kahon ang magalang na pananalita na angkop sa pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

| | |
|---|---|
| **po** | **Maraming salamat po** |
| **opo** | **Magandang hapon po** |
| **Magandang umaga po** | |

1. Nakasalubong mo ang iyong guro isang umaga kaya sasabihin ang "________________________________!"

2. "Tinulungan ko___________ang aking ate sa pagdidilig ng halaman", kuwento ni Mara sa kaniyang guro.

3. "Anak, magsanay ka sa pagbabasa", wika ng ina. "________, magbabasa na po ako araw-araw", sagot ni Lito.

4. Masaya si Mila dahil sa natanggap na regalo kaya nasambit niya ang ”___________________________!”

5. “___________________________!”, wika ni Mona nang makasalubong niya si Kapitan isang hapon.



***Mga Tala para sa Guro*** Gabayan ang bata sa pag-aaral sa modyul na ito upang masanay sa paggamit ng magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon tulad ng pagpapakilala sa sarili, pagpapahayag ng sariling karanasan at pagbati.



## *Tuklasin*

### Gawain ng Magulang/Guro

- Ipaliwanag sa bata ang tungkol sa gawaing ito.
- Sabihin mo sa kaniya:
  - Kapag nagpapakilala tayo ng ating sarili o gustong magpahayag ng sariling karanasan, mainam na tayo ay maging magalang.

- May mga angkop na pananalita tayong dapat gamitin.
- Pakinggan o basahin ang pagpapakilala nina Lito at Lita ng kanilang sarili.

## Gawain ng Mag-aaral

- Makinig sa direksiyon ng guro o magulang.
- Basahin o Pakinggan at unawain ang pagpapakilala nina Lito at Lita

**Gawain 1:** Basahin/Pakinggan at unawain.

Basahin o pakinggan mo ang pagpapakilala ng dalawang bata.



Ako po si Lito.


Anim na taong gulang.

Nakatira po ako sa Barangay Ifugao Village.

Tatlo po kaming magkakapatid.

Ang nanay ko po ay si Nanay Anabel. Ang tatay ko po ay si Tatay Mateo.

| |
|---|
| Ako naman po si Lita. Anim<br>na taong gulang.<br>Nakatira po ako sa Macate, Diffun,<br>Quirino.<br>Dalawa po kaming magkapatid. Ang<br>nanay ko po ay si Nanay Lara. Ang tatay ko<br>po ay si Tatay Eric.<br><br>*Carol N. Belingon* |



**Gawain 2:** Sagutin nang pasalita o pasulat ang mga tanong:

1. Sino ang unang nagpakilala? ___________________________
2. Ilang taong gulang siya? _______________________________
3. Saan siya nakatira? ___________________________________
4. Sino ang batang babae? ______________________________
5. Ilan silang magkakapatid? _____________________________
6. Saan siya nakatira? _______________________



## *Suriin*

**Gawain 1:** Unawain ang mga tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Naging magalang ba sina Lito at Lita sa pagpapakilala sa kanilang sarili? ________________________________
2. Paano ipinakita nina Lito at Lita ang magalang na pagpapakilala? _________________________

3. Kailangan bang gumamit ng “po” at “opo” kapag magpapakilala? ______________________
   Bakit?______________________________

## Gawain ngMagulang/Guro

- Gabayan sa pagbabasa ang bata o basahin para sa kaniya ang bawat aytem sa mga sumusunod na gawain.

## Gawain ngMag-aaral

- Pakinggan o basahin ang bawat bilang.
- Sagutin ito nang pasalita o pasulat

**Gawain 2:** Paano mo naman sasabihin?

1. Gusto mong makipagkaibigan sa bagong kaklase na hindi mo pa kilala.
   Ano ang sasabihin mo? ________________________________

2. Sa inyong silid-aralan, sinabihan ka ng guro na ipakilala ang iyong kaibigan.
   Ano ang sasabihinmo?
   ______________________________________________

3. Dumating ang bagong guro sa inyong paaralan. Nais mong ipakilala ang iyong sarili.
   Ano ang sasabihinmo?
   ______________________________________________

**Gawain 3:** Karanasan Mo, Ipahayag Mo

1. Nanalo ka sa inyong laro kasama ang mga kaibigan. Paano mo sasabihin sa iyong kuya at ate? _____________________________

2. May bago kang kaibigan. Paano mo sasabihin sa iyong ama at ina? ______________________________

3. Nagtanim ka sa inyong “gulayan sa tahanan”. Paano mo sasabihin sa magulang? ______________________________

**Gawain4: BumatiKa nang maypaggalang.** Ano ang sasabihin mo? Isulat sa sagutang papel.

1. Isang umaga, nakita mo ang inyong prinsipal.


   ______________________________

2. Isang hapon, dumating ang bisita sa inyong bahay.

   ______________________________

3. Gabi na nang dumating ang iyong lolo sa inyong bahay.

   ______________________________




## *Pagyamanin*

## Gawain ng Magulang

- Gabayan ang bata sa pagsagot ng mga Gawain.
- Basahin para sa kaniya ang bawat Gawain kung kinakailangan.
- Maaring sagutin niya nang pasulat o pasalita ang mga tanong.

**Gawain 1. Magpakilala ka na rin.**


Ngayon, Ikaw naman ang magpakilala ng iyong sarili. Sundin mo ang pagpapakilala ni Lito at Lita.
Ito ang sasabihinmo:

Magandang araw__________sa inyong lahat!
Ako________si________________.
________na taong gulang.
Nakatira_________ako sa___________________________.

__________________kaming magkapatid
/magkakapatid.

Wala _____ akong kapatid. Mag-isa _____ akong anak. (*Para sa walang kapatid*)

Ang nanay ko__________ay si______________.
Ang tatay ko__________ay si______________.

**Gawain 2:** Iguhit sa sagutang papel ang  kung ang pangungusap ay nagsasaad nang may paggalang, at  kung walang paggalang.

________1. Ako po si Tanya na marunong tumugtog ng gitara.
________2. Ako si Lisa na nakatira sa San Pascual.
________3. Siya po si Teban na aking kapatid.
________4. Masaya po kaming namasyal sa plasa.
________5. Magandang araw.

**Gawain 3:** Isulat sa sagutang papel ang magalang na pananalita na angkop sa speech balloon.

1.



**2.**


Sinusunodmoba ang mga utosng iyong magulang?
Opo, sinusunod ko _____, Sir.

3.


Ano ang sasabihin sa guro kapag nakasalubongmo siya sa umaga?
_______________ _______________ _______.

## *Isaisip*

**Basahin o pakinggan at unawain. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.**

1. Maipakikita ang magalang na pananalita sa pagpapakilala sa sarili, pagpapahayag ng sariling karanasan at pagbati sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang __at __________.

2. Gamitin ang __________at __________kapag nakikipag-usap sa nakatatanda.

3. Ang mga magagalang na pagbati ay ang mga sumusunod:
   Kapag umaga: ____________________________________________
   Kapag hapon: ____________________________________________
   Kapag gabi: ____________________________________________

## *Isagawa*

Sumulat o bumuo ng pangungusap na ginagamitan ng magalang na pananalita.

**Ipakilala ang sarili:**

1. ____________________________________________________________
2. ____________________________________________________________

**Ipahayag ang sariling karanasan ngayong panahon ng pandemiya ng COVID 19.**

3. ____________________________________________
4. ____________________________________________

**Bumati nang may paggalang:**

5. ____________________________________________.



## *Tayahin*

## Gawain ng Magulag/Guro

- **Sabihin:**


  -*Bumuo ng mga pangungusap gamit ang magalang na pananalita sa bawat sitwasyon*

1. Dumating ang inyong guro. Ipakilala ang iyong sarili. Sabihin kung ano ang nais niyang malaman tungkol sa iyong sarili.
2. Sabihin sa magulang ang hindi malilimutang karanasan sa pananatili sa tahanan ngayong may COVID 19.
3. Batiin ang tatay sa kaniyang kaarawan.

Rubrik sa pagtataya ng kakayahan sa paggamit ng magalang na pananalita:

| Puntos | **Pagpapaliwanag** |
|---|---|
| 5 | Napakagalang ang ginawang pagsasalita |
| 4 | Magalang ang ginawang pagsasalita |
| 3 | Nakapagsalita nang may kaunting gabay |
| 2 | Nangangailangan ng lubos na gabay |
| 1 | Hindi gumamit na magalang na pananalita |

.



## *Karagdagang Gawain*

Basahin o pakinggan ang mga pangungusap.

Piliin ang letra ng tamang sagot na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga salitang ginagamit na nagpapakitang paggalang.
2. Nais mong ipaalam sa iba ang tungkol sa sarili.
3. Ito ay mga pangyayari sa buhay ng isang tao.
4. Ang sasabihin sa tito at tita na dumating sa inyong bahay isang hapon.
5. Ito ay magandang ugaling Pilipino na dapat isagawa at isabuhay.

**Mga pagpipilian ng sagot.**

A. Sariling karanasan

B. Ipakilala ang sarili

C. Po at opo

D. Pagiging magalang

E. Magandang hapon po Tito at Tita!

## Susi sa Pagwawasto

| Suriin | Suriin | Pagyamanin |
|---|---|---|
| **Gawain 1**<br>1. opo<br>2. Gumamit sila ng po at opo.<br>3. Opo<br>Upang maipakita ang paggalang sa pagpapakilala ng sarili<br>**Gawain 2**<br>1. Ako si____<br>2. Si_po ang aking **kaibigan.**<br>3. Ako po si ____. | **Gawain 3**<br>1. Kuya, ate nanalo po ako sa laro namin!<br>2. 'Itay, Inay may bago po akong kaibigan!<br>3. "Itay, Inay nagtanim po ako sa ating gulayan sa tahanan!"<br>**Gawain 4**<br>1. Magandang umaga po!<br>2. Magandang hapon po!<br>3. Magandang gabi po! | Gawain 2<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.<br> |

| Pagyamanin | Isaisip | Karagdagang Gawain |
|---|---|---|
| Gawain 2<br>1. Opo<br>2. Po<br>3. Magandang umaga po! | 1. po at opo<br>2. po at opo<br>3. Magandang umaga po.<br>Magandang hapon po.<br>Magandang gabi po. | 1. C<br>2. B<br>3. A<br>4. E<br>5. D |

**Subukin**

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Tama

**Balikan**

1. Magandang umaga po!
2. po
3. opo
4. Maraming salamat po!
5. Magandang hapon po!

**Tuklasin**

Gawain 2

1. Lito
2. anim
3. Ifugao Village
4. Lita
5. Dalawa
6. Macate, Diffun, Quirino

## *Sanggunian*

K to 12 Most Essential Learning Competencies p.144

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph